4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 4

Kuwarter 4

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan upang maipagmalaki at tangkilikin ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan bilang tanda ng nasyonalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagpapasidhi ng nasyonalismo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng interes at kamalayan sa kasaysayan ng mga lugar bilang unang hakbang sa pagpapalaganap ng mga ito.<br>a. Naiisa-isa ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan.<br>b. Naipaliliwanag na ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan ay mahalagang kilalanin, pangalagaan, at pagyamanin upang ipaalala ang mga kabayanihan ng mga Pilipino o ang kahalagahan ng kasaysayan ng lugar.<br>c. Nakalilikha ng mga paraan upang maipagmalaki at tangkilikin ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan. |
| **C. Nilalaman** | Pagpapahalaga sa mga kasaysayan ng lugar na nagpapaunlad at nagpapalaganap ng kamalayan at pagmamalaki ng sariling nasyonalismo. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Nasyonalismo (*Nationalism*) |
| **E. Integrasyon** | Turismong Pamana (*Heritage Tourism*) at Turismong Katutubo (*Domestic Tourism*) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| (2024). *Pahiyas.* https://pahiyasfestival.com/<br>ACS – Travel & Expatriate Insurance Solutions (n.d.). *Living in Manila, Philippines.* https://www.acs-ami.com/en/expatriation/relocation-guide/living-in-manila-philippines/<br>Al-Hussaini, F. (n.d.). *Kadayawan Festival Davao: History, Schedule, and Local Tips.* https://guidetothephilippines.ph/articles/history-culture/kadayawan-festival-davao-guide |

Andrea Glass (23 February 2024). *Filipino National Heroes Quiz.* https://www.proprofs.com/quiz-school/story.php?title=ntuznzi0
Kidswereus (25 February 2007). *F.L.A.M.E.S.: Bring back the nineties.* https://kidswereus.wordpress.com/2007/02/25/flames/
Mervz (16 October 2012). *Cavite – Dancing the Karakol with Nana Pilar.* https://www.pinoyadventurista.com/2012/10/dancing-karakol-with-nana-pilar.html
Midel, A. (9 August 2023). *Who Are Our Modern Heroes?.* https://www.crownasia.com.ph/lifestyle-blog/who-are-our-modern-heroes/
Panagbenga : The Baguio Flower Festival. (n.d.) Home [Facebook page]. Facebook. https://www.facebook.com/baguioflowerfestival/
Philippine Department of Tourism (2021) *Leyte & Samar: Enjoy waves, caves and stunning rock formations in Samar and vast coral gardens in Leyte.* https://www.itsmorefuninthephilippines.co.uk/leyte-samar/
Provincial Information Technology Office (2022). *About Bulacan.* https://bulacan.gov.ph/general-info/about-bulacan/
RealPhil.com Realty Services. (2019). *About Bataan Province, Philippines.*https://www.islandsproperties.com/places/bataan.htm
Remedios, L. and Santiago, L. (n.d.). *Makasaysayang Lugar at Mabubuting Gawi.*https://quizizz.com/
Valer Pop (2023). *What is the regional culture of the Philippines?* https://www.quora.com/What-is-the-regional-culture-in-the-Philippines
Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**I. MAIKLING BALIK-ARAL**<br>**Panuto.** Hatiin ang klase sa tatlong pantay na pangkat o grupo. *Random* na pangalanan ang isang grupo bilang Luzon, ang ikalawang grupo ay Visayas at ang huli ay Mindanao. Mag-isip ang bawat pangkat ng mga paraan kung paano hihikayatin ang sino mang miyembro sa dalawang pangkat na lumipat sa kanilang pangkat. Maaring ipagmalaki o ibida ang sariling lugar sa pamamagitan ng pagsasabi na kilala ang kanilang lugar bilang isang makasaysayang lugar, o sabihin ang katangi- tanging mabuting gawi ng pamayanang kinabibilangan, o pagsasabi ng mga kilalang kabayanihan ng mga Pilipino sa kanilang lugar, o magagandang gawi ng kanilang pamayanan, o masasarap na pagkain at tanawin, at iba pa.<br>Pangalan ng lugar ng aking pangkat: ______________________<br>Maganda lumipat sa aming lugar dahil: ______________________<br>Sa hudyat ng guro ay isisigaw: "Lumipat ang gustong lumipat!" | Sa aralin ng Laro ng Lahi noong nakaraang linggo, ang unang gawain ay isang bersyon ng Agawang Base kung saan hihikayatin ng isang pangkat ang miyembro ng ibang pangkat na lumipat sa kanila. Maaring maging basehan ng pangalan ng pangkat ang sariling lugar tulad ng barangay o munisipalidad. Parehong gawain ng pag-akit sa ibang grupo ang gagawin. Mananalo ang grupo na may pinaka maraming miyembro. Iproseso ang unang gawain sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga sagot sa tanong: Bakit ka |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Pagtatala ng ginawa ng mag-aaral:<br>Bakit ka lumipat ng ibang lugar / nanatili sa iyong lugar?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td>
<td>lumipat ng ibang lugar / nanatili sa iyong lugar?<br><br>Ibuod ang unang aralin sa pagsabi: Lahat ng lugar sa Pilipinas ay makasaysayan at ang lahat ng Pilipino sa buong sulok ng bansa ay may mabubuting gawi.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN<br>Magtalaga ng anim na mag-aaral sa bawat diyalogong ito.<br>Gumawa ng pagtatanghal sa harap ng klase.<br>Mag-aaral 1: Anong lugar sa Pilipinas ang pumuputok?<br>Mag-aaral 2: Ano?<br>Mag-aaral 1: Alabangbangbang<br>Mag-aaral 3: Anong lugar sa Pilipinas ang maraming bawang?<br>Mag-aaral 4: Ano?<br>Mag-aaral 3: Zam-bawang-ga<br>Mag-aaral 5: Knock Knock<br>Mag-aaral 6: Who’s there?<br>Mag-aaral 5: Bohol<br>Mag-aaral 6: Bohol who?<br>Mag-aaral 5: Bohol new world<br>Mag-aaral 2: Saang lugar sa Pilipinas ang malungkot?<br>Mag-aaral 1: Saan?<br>Mag-aaral 2: Eh di Su-lu.<br>Mag-aaral 4: Anong lugar sa Piipinas ang konti lang dati?<br>Mag-aaral 3: Saan? Di ko maintindihan yan.<br>Mag-aaral 4: Konti lang dati, Lagu-na!<br>Mag-aaral 6: Ano sa Filipino ang “What’s your nationality?”<br>Mag-aaral 5: Ano?<br>Mag-aaral 6: Ano ang nasyonalismo?<br>Magsasalita ang guro bigla:<br>Nasyonalismo ang lilinangin nating pagpapahalaga ngayong linggo, at bibisita tayo sa iba’t ibang makasaysayang lugar sa Luzon, Visayas, at Mindanao… kaya’t tara na at simulan ang ating aralin!</td>
<td>Maaaring mag-bahagi ng iba pang mga mabubuting biro (wholesome jokes) na sikat sa inyong lugar, o mga biro sa sarili mong wikang kinagisnan.<br>Ang mga birong ito ay dapat nagsasaad o naglalarawan ng isang lugar.<br>Talahanayan ng interpretasyon ayon kay Dr. Alonsozana:<br>Friends - magkatugma o compatible ang dalawang salita<br>Lovers - mas nagiging makahulugan ang salita kapag pinagsama ang dalawa<br>Anger - “magagalit” ang isang salita kung di sila magkasama<br>Marriage - hindi dapat paghiwalayin ang dalawang salita</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**

**F.L.A.M.E.S.** Ito ay isang laro kung saan pinagtatapat ang dalawang pangalan o salita at tatanggalin ang magkaparehong letra sa bawat pangalan o salita. Halimbawa:

Unang salita: E D U K A S Y O N - E D U S Y N - 6 letra natira<br>
Ikalawang salita: P A G P A P A K A T A O - P G P A P A A T A - 8 letra natira<br>
Mga letrang pareho at tinanggal: K - A - O

(Tig-isa isang tatanggalin ang magkaparehong letra sa bawat salita, isang "A" sa EDUKASYON at isang "A" sa PAGPAPAKATAO, hindi lahat ng "A" ay tatanggalin, susunod ang K at O).

Babaybayin ang bawat letra sa salitang F.L.A.M.E.S. ayon sa bilang ng natirang letra sa dalawang salita. Kung tatlo ay letrang "A", kung anim ay letrang "S", babalik sa unang letra sa F.L.A.M.E.S. kung ang bilang ay sobra sa anim. Balikan ang halimbawa:

6 letra natira<br>
6 + 8 = 14 Pang-14 na titik sa F.L.A.M.E.S ay "L"<br>
8 letra natira

Ang F.L.A.M.E.S. ay binuo sa unang titik ng mga salitang *Friends, Lovers, Anger, Marriage, Engagement,* at *Soulmates*. Ang pang-14 na titik sa F.L.A.M.E.S ay "L" na ang ibig sabihin ay "*Lovers*". Sa Talahanayan ng interpretasyon, ang "L-*Lovers*" ay "mas nagiging makahulugan ang salita kapag pinagsama ang dalawa", samakatuwid, ang salitang EDUKASYON at salitang PAGPAPAKATAO ay mas nagiging makahulugan kapag pinagsama ang parehong salita. Gawin natin ang mga ito:

M A K A S A Y S A Y A N ___________________<br>
___+___=_____Letrang ____FLAMES<br>
N A S Y O N A L I S M O ___________________

M A K A S A Y S A Y A N___________________<br>
___+___=_____Letrang ____FLAMES<br>
M A B U T I N G G A W I_________________

N A S Y O N A L I S M O___________________<br>
___+___=_____Letrang ____FLAMES<br>
M A B U T I N G G A W I_________________

</td>
<td>

*Engagement* - may malapit na pagkakahambing ang dalawang salita<br>
*Soulmates* - sadyang pareho ang kahulugan ng dalawang salita

**Inaasahang sagot:**

K A A Y A - 5<br>
O N L I O - 5<br>
5 + 5 = 10 Letrang M

K S A Y S A Y A - 8<br>
B U T I G G W I - 8<br>
8 + 8 = 16 Letrang M

N S Y O L S M O - 8<br>
M B U T G G W I - 8<br>
8 + 8 = 16 – Letrang M

Interpretasyon:

*Marriage* - hindi dapat paghiwalayin ang dalawang salita, samakatuwid:

1. Makasaysayan ang pagiging nasyonalismo.

2. Lahat ng mabuting gawi ay magiging makasaysayan.

3. Ang Nasyonalismo ay tunay na isang Mabuting Gawi.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**KAUGNAY NA PAKSA 1: Ugnayan sa Pagitan ng Turismo at Pambansang Pagkakakilanlan**<br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br>Ang Pilipinas ay kilala sa mundo ng turismo. Bukod sa mga naggagandahang tanawin at destinasyon, kilala ang Pilipinas sa mga panlalawigang pagdiriwang ng kapistahan katulad ng sa Davao *City*, Aklan, Baguio *City*, Cebu at Quezon.<br>**Gawain 2: Makukulay na Kapistahan ng Lalawigan**<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br>**Gawain 2: 2. Piliin ang tamang sagot.**<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**KAUGNAY NA PAKSA 2: Makasaysayang mga Lugar sa Pilipinas at Ang Mga Sama-samang Pagpapahalaga at Mabuting Gawi ng Mga Lokal Nito**<br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**<br>Ilan sa mga makasaysayang lugar sa Pilipinas ay ang Cavite, Leyte, Maynila, Bulacan, at Bataan. Basahin ang paglalarawan sa mga lugar na ito at sabihin ang kanilang mabubuting gawi.<br>**Gawain 3: Makasaysayang Lalawigan sa Pilipinas**<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br>**Gawain 3: B. Piliin ang tamang sagot.**<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br>**GAWAIN 3: Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 3: Mga Mabuting Gawi ng mga Makasaysayang Tao sa Sariling Pamayanang Kinabibilangan**<br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br>**NoSi Ba LaSi.** Kapag pinag-uusapan ang "Makasaysayang Tao", mga bayaning sina Jose Rizal ang unang pumapasok sa isip. Ibinahagi ni Midel (2023) kung sino ang makabagong bayani sa ating panahon ngayon: mga *Overseas Filipino Workers*, ang *Delivery Riders*, mga manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan (*Healthcare Workers*), mga bumbero, Opisyal ng Pulisya, Tauhan | Bumuo ng grupo na may limang miyembro. Pumili ng pinuno na mag-uulat ng pagbabahagi ng grupo sa harap ng klase. Ibahagi ang sagot sa bawat panlalawigang pagdiriwang sa Pilipinas.<br>**Gawain 2:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Mga inaasahan sagot: Gawain2**<br>Davao (Kadayawan *Festival*):<br>Pagsasama-sama ng mga katutubo at residente<br>Pagsasamasama ng komunidad<br>Aklan (Ati-atihan *Festival*):<br>Pagdiriwang ng sinaunang katutubo<br>Pagpaparangal sa Sto. Nino<br>Baguio (Panagbenga *Festival*):<br>Isang buwang pagdiriwang<br>Pagpalakas ng turismo.<br>Paghahanda sa *float parade* at *street dancing competition.*<br>Cebu (Sinulog *Festival*):<br>Paghahanda sa pista<br>Pagpapahalaga sa kultural at relihiyosong pista<br>Quezon (Pahiyas *Festival*):<br>Pagpaparangal sa patron<br>Pagpapalamuti ng tahanan<br>**Tamang sagot: Gawain 2:2**<br>1. d<br>2. b<br>3. a<br>4. c<br>5. b<br>Humanap ng kamag-aral na makakapareha at ibahagi ang naitala. |

| | | |
|---|---|---|
| | ng Militar, boluntaryo at Katulong sa Komunidad (*Volunteers and Community Helpers*).<br>**Gawain 4: Mga Bayani ng Kasalukuyang Panahon**<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br>**Gawain 4: B**<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br>**Gawain 4: V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak** | Bumuo ng grupo na may limang miyembro. Pumili ng pinuno na mag-uulat ng pagbabahagi ng grupo sa harap ng klase. Ibahagi ang sagot sa bawat makasaysayang lugar sa Pilipinas.<br>**Gawain 3:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Mga inaasahang sagot: Gawain 3**<br>Cavite:<br>Pagdiriwang ng pista<br>Relihiyosong pagsasayaw<br>Pagmamahal sa patron o santo<br>Leyte:<br>Pagpapanatili ng mga paniniwala<br>Pangangalaga ng mga alamat<br>Maynila:<br>Nakakapagsalita at nakakaintindi ng Ingles. May kababaang-loob at mabuting pakikitungo. Hindi sumisimangot. Unang nagsisimula ng isang masayang pag-uusap<br>Bulacan:<br>Nag-aaral<br>Masipag<br>Dedikadong gobyerno<br>Bataan:<br>Pangingisda<br>Pagsasaka<br>Pag-aalsa laban sa paniniil ng banyaga<br>**Tamang sagot:**<br>1. c<br>2. d<br>3. b<br>4. a<br>5. c |

| | | |
|---|---|---|
| | | Tumawag ng lima hanggang sampung mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot.<br>**Gawain 4:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Bumuo ng grupo na may limang miyembro. Pumili ng pinuno na mag-uulat ng pagbabahagi ng grupo sa harap ng klase. Ibahagi ang sagot sa bawat makasaysayang tao.<br>**Mga inaasahang sagot:**<br>*Overseas Filipino Workers*<br>Pagbibigay importansya at pagpapakita ng malaking halaga sa mga pamilya<br>Pagpunta sa ibang bansa upang magbigay ng suporta at tulong pinansyal<br>Mga *Delivery Rider*<br>Laging handa kumilos<br>Paghahatid ng pagkain sa panahon ng pandemic at mga nabili sa online market.<br>Mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan (*Healthcare Workers*)<br>Pangangalaga ng Pangkalusugan<br>Pagsisilbi sa buhay ng mga tao<br>Pagpiling harapin ang panganib upang matupad ang kanilang hilig at ipahayag kung gaano nila kamahal ang kanilang trabaho pati na rin ang mga taong nangangailangan sa kanila.<br>Mga bumbero, Opisyal ng Pulisya, at Tauhan ng Militar: |

| | | |
|---|---|---|
| | | Paglilingkod at pagbibigay ng kaligtasan at mga pangangailangan<br>Pagsubaybay sa lahat<br>Pagtanggap ng mga utos sa buhay<br>Pagtugon sa mga tawag para sa serbisyo<br>Pagpapahalagahan ang kanilang trabaho.<br>Mga boluntaryo at Katulong sa Komunidad (*Volunteers and Community Helpers*):<br>Pagpapahalaga ng lahat ng bagay, gaano man kaliit<br>Magbigay ng tulong sa mga nangangailangan<br>Pagiging matatag<br>Pagpapanatili ng positibong saloobin sa kabila ng mahihirap na sitwasyon<br>Malikhaing pamamaraan upang maibigay<br>**Mga tamang sagot:**<br>1. b<br>2. c<br>3. e<br>4. a<br>5. d<br>Bumalik sa dating grupo na may limang miyembro. Pumili ulit ng bagong pinuno na mag-uulat o magbabahagi sa harap ng klase. Ibahagi kung sino para sa iyo ang makasaysayang tao at ipaliwanag kung bakit. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**PABAONG PAGKATUTO** | |

<table>
<tr><td></td><td>Piliin at pagtapat-tapatin. Ang Pilipinas ay mayroong mayaman at magkakaibang kultura bawat rehiyon na naiimpluwensyahan ng kasaysayan ng bansa, at ang pagkakaiba-iba ng etniko. Ang bansa ay nahahati sa ilang rehiyon, bawat isa ay may natatanging kultura, wika, tradisyon at mabubuting gawi. Piliin at pagtapat-tapatin ang ilan sa mga kilalang rehiyonal na kultura sa Pilipinas ayon sa kani-kaniyang tradisyon, kaugalian, at diyalekto, na ginagawang ang Pilipinas ay isang kaakit-akit at mayaman sa kulturang bansa upang galugarin.<br>Gawain 5: Iba't Ibang Kultura sa Pilipinas<br>Gawain 5: Mga pagpipilian:<br>Gawain 5: PAGNINILAY SA PAGKATUTO</td><td>Gawain 5: Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral<br><br>Mga tamang sagot:<br>1. b<br>2. e<br>3. d<br>4. a<br>5. c</td></tr>
</table>

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>PAGSUSULIT<br>Piliin ang tamang sagot:<br>_____1. Isang mabuting gawi ng Pilipino noon na ginagawa mula Luzon hanggang Mindanao kung saan maririnig ang boses ng binata sa pag-awit upang maipahayag ang kaniyang pag-ibig sa dalagang kanyang napupusuan.<br>a. Harana<br>b. Ligaw<br>c. Sayaw<br>_____2. Isang mabuting gawi ng mga Pilipino saan man lugar sa Pilipinas, na nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda. Tinutukoy nito ang pagkuha sa kamay ng nakatatanda at ilalapat sa noo.<br>a. Pakikipag-kamay<br>b. Paghalik<br>c. Pagmamano<br>_____3. Anong mabuting gawi ng mga Pilipino ang malimit na isinasagawa dati kapag ang magkasintahan ay nagkasundong magpakasal?<br>a. Pagsasalo-salo<br>b. Pamamanhikan<br>c. Pagbabayanihan</td><td>Mga sagot:<br>1. a<br>2. c<br>3. b<br>4. a<br>5. c<br>6. b<br>7. c<br>8. a<br>9. c<br>10. a<br>11. a<br>12. b<br>13. b<br>14. b<br>15. a</td></tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| | _____4. Anong mabuting gawi ng mga Pilipino ang pagsasama-samang nagtutulungan ng mga magkakapitbahay o magkakaibigan? Madalas itong mangyari kapag lilipat ng ibang lugar ang kanilang kababayan.<br>a. Bayanihan<br>b. Simbang Gabi<br>c. Piyesta<br>_____5. Anong mabuting gawi karaniwang ginagawa ng mga Pilipino upang ipagdiwang ang araw ng lalawigan o pasasalamat sa pagkakaroon ng masaganang ani?<br>a. Pagdiriwang ng Kaarawan<br>b. Pagdiriwang ng Kasalan<br>c. Pagdiriwang ng Piyesta<br>_____6. Anong mabuting gawi ng mga Kristiyano ang karaniwang ginagawa ng siyam na gabi bago sumapit ang pasko?<br>a. Pamimigay ng Regalo<br>b. Pagsisimbang Gabi<br>c. Pangangaroling<br>_____7. Ano ang tawag kung saan ginugunita sa pamamagitan ng dula at nagbabalik loob ang mga Kristiyanong Pilipino sa pinaniniwalaan nilang tagapagligtas?<br>a. Sakripisyo<br>b. Semantiko<br>c. Senakulo<br>_____8. Anong mabuting gawi ang sumasalamin sa kulturang Pilipino kung saan nagnanais na magkaroon ng maganda at mabuting pakikitungo sa iba?<br>a. Pakikisama<br>b. Pakikisalamuha<br>c. Pakikibaka<br>_____9. Anong tawag kung saan inaalala ng mga mananampalataya ang mga sumakabilang buhay?<br>a. Flores de Mayo<br>b. Semana Santa<br>c. Undas<br>_____10. Anong mabuting gawi ang pagdiriwang sa buong buwan ng Mayo bilang pagbibigay parangal kay Birheng Maria?<br>a. Flores de Mayo<br>b. Semana Santa | |

c. Undas

_____11. Paano mo matitiyak kung ang isang gawain ay tama?
a. Ito ay nagpapakita ng maayos na pakikitungo sa kapuwa.
b. Ito ay nagpapakita ng mali sa kapuwa
c. Ito ay nagpapakita ng pagiging magulo sa bahay.

_____12. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran sa mga destinasyon ng turista?
a. Nagtatapon ng basura sa tabi ng mga nakatalagang *trash bins*.
b. Tumutulong sa paglilinis at pagsasaayos ng mga destinasyon ng turista.

_____13. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng mabuting gawi sa pagbisita sa mga makasaysayang lugar:
a. Sisigaw at sisigaw ng malakas sa sobrang tuwa.
b. Tahimik na magpapakuha ng larawan.

_____14. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pangangalaga sa kapaligiran ng isang maksaysayang bantayog:
a. Sulatan ang pader ng walang pahintulot.
b. Ibabahagi ang kaalaman sa bantayog sa mga magtatanong.

_____15. Piliin ang pangungusap na nagpapakita ng pangangalaga sa ating kinabukasan na maging makaysayang tao sa hinaharap:
a. Mag-aaral ng mabuti at susunod sa batas ng bansa.
b. Sumama sa mga kaibigang laging naglalaro ng basketball at hindi gumagawa ng takdang aralin.

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

Bukod sa mga magaganda at makasaysayang lugar sa Pilipinas na gusto mong dalawin at mapuntahan, tukuyin ang isang bahay ng iyong kamag-aral ang nais mong dalawin at unang puntahan:

Pangalan ng kamag-aral: ________________________________

Bakit gusto mo itong puntahan at dalawin? ________________________

________________________________________________

________________________________________________

Ipaalam sa kamag-aral na nais mong pumunta sa tahanan niya at itanong kung anong mga alituntunin sa pamayanan at pamilya nila ang dapat alam mo at dapat sundin. Isulat ang mga ito.

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>